



# Social Security

Ang Pagtrabaho  
Habang May  
Kapansanan—Paano  
Kami Makakatulong

2012

[www.socialsecurity.gov](http://www.socialsecurity.gov)

# Tawagan ang Social Security

## Bisitahin ang aming website

Ang aming website, [www.socialsecurity.gov](http://www.socialsecurity.gov), ay napaka-mahalagang mapag-kukunan ng kaalaman tungkol sa lahat ng mga palatuntunan ng Social Security. Sa aming website, maaari ka ring:

- Mag-apply para sa pagreretiro, pagkakabalda, at mga benepisyong Medicare;
- Makuha ang address ng lokal na tanggapan ng iyong Social Security;
- Repasuhin ang iyong *Statement ng Social Security*;
- Humiling ng kapalit na Medicare card; at
- Maka-hanap ng mga kopya ng aming mga publikasyon.

Ang ilan sa mga serbisyong ito ay makukuha sa Ingles.

## Tumawag sa aming libreng numero

Dagdag pa sa paggamit ng aming website, maaari ka ring tumawag sa amin ng libre sa **1-800-772-1213**. Tinuturing namin ang lahat ng mga tawag na kumpidensyal. Kung ikaw ay nagsasalita ng Kastila, pindutin ang 2. Para sa lahat ng ibang mga wika, pindutin ang 1, manatili sa linya at manahimik habang nagsasalita ang mga awtomatikong hudyat sa boses Ingles, hanggang mayroong isang kinatawan na sumagot. Ang kinatawan ay tatawag sa isang tagasalin-wika o interpreter upang tulungan ka sa iyong tawag. Ang serbisyo para sa tagasalin-wika ay libre. Maaari naming sagutin ang mga partikular na katanungan mula alas-7 ng umaga hanggang alas-7 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes. Sa pangkalahatan, hindi mo na kailangang maghintay nang matagal kung ikaw ay tatawag sa loob ng linggo matapos ang Martes. Maaari kaming magbigay ng impormasyon sa Ingles sa pamamagitan ng awtomatikong serbisyong telepono 24-oras sa isang araw. Kung ikaw ay bingi o may kahirapan sa pandinig, maaari kang tumawag sa aming TTY na numero, sa **1-800-325-0778**.

Nais din naming siguraduhin na makatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmo-monitor ng ilang mga tawag sa telepono.

## **Ano ang nasa loob**

**Tumatanggap ka ba ng mga benepisiyo para sa may kapansanan? Matutulungan ka namin na Makapagtrabaho . . . . . 4**

---

**Maikling buod ng mga insentibo sa trabaho ng Social Security. . . . . 6**

---

**Paano naapektohan ng iyong mga kita ang iyong mga Benepisiyo sa Social Security. . . . . 8**

---

**Ano ang kailangang iulat kung ikaw ay nagtatrabaho at tumatanggap ng benepisyong sa kapansanan ng Social Security . . . . . 9**

---

**Kung nawalan ka ng trabaho. . . . . 10**

---

**Mga tanging patakaran para sa mga manggagawa na bulag . . . . . 10**

---

**Ang mga insentibo sa trabaho ng SSI sa isang sulyap . . . . . 11**

---

**Paano naapektohan ng iyong mga kita ang iyong mga kabayaran sa SSI. . . . . 13**

---

**Ano ang kailangang iulat kung ikaw ay nagtatrabaho at tumatanggap ng SSI . . . . . 14**

---

**Gaano katagal magpapatuloy ang iyong Medicaid . . . . . 15**

---

## Tumatanggap ka ba ng mga benepisiyo para sa may kapansanan? Matutulungan ka namin na Makapagtrabaho

*Kung ikaw ay tumatanggap ng mga benepisiyo sa may kapansanan, mayroon kaming magandang balita para sa iyo. Makakatulong sa iyo ang mga programa ng insentibo sa trabaho ng Social Security at ang Ticket to Work kung gusto mong magtrabaho.*

Mayroong mga espesyal at natatanging mga tuntunin na magiging posible sa ibang taong tumatanggap ng mga benepisiyo sa kapansanan ng Social Security o Supplemental Security Income (SSI) na magtrabaho at patuloy pa ring makatanggap ng buwanang mga pagbabayad.

At kung hindi ka makakapagpatuloy na magtrabaho dahil sa iyong medikal na karamdaman, ang iyong mga benepisiyo ay maaaring magsimula muli—maaaring hindi mo na kailangan ang mag-hain ng bagong kahilingan.

- Kabilang sa mga insentibo sa trabaho ang:
- Patuloy na mga pagbabayad nang ilang panahon habang ikaw ay nagtrabaho;
  - Patuloy na Medicare o Medicaid habang ikaw ay nagtrabaho; at
  - Tulong sa edukasyon, pagsasanay at pagpapaningbagong-buhay upang magsimula ng bagong uri ng trabaho.

Ang mga patakaran ay nagkakaiba-iba sa ilalim ng Social Security at SSI. Inilalarawan namin ang mga patakaran sa ilalim ng bawat programa sa ibat-ibang

mga bahagi ng librito na ito. Ang mga tuntunin ay magkakaiba sa ilalim ng Social Security at SSI. Inilalarawan namin ang mga tuntunin sa ilalim ng bawat programa sa iba't ibang seksyon ng libritong ito. Ang mga insentibo ng Social Security ay nagsisimula sa pahina 6, at mga insentibo ng SSI sa pahina 11.

Subalit, kung ikaw ay tumatanggap ng Social Security o SSI, mahalaga na ipaalam kaagad sa amin kapag ikaw ay magsisimula na o hihinto sa pagtatrabaho, o kung mayroong anumang ibang mga pagbabago ang mangyayari na maaaring makaapekto sa iyong mga benepisyo.

Ang 'Ticket to Work' na programa ay maaaring makatulong din sa iyo kung nais mong magtrabaho. Maaari kang makatanggap ng mga libreng bokasyonal na pagpapanibagong-buhay (vocational rehabilitation), pagsasanay, mga referral sa trabaho at ibang mga serbisyong sumusuporta sa pagtatrabaho. Hindi ka sasailalim sa mga medikal na pagtatasa habang ginagamit mo ang ticket at naghahanda sa napapanahong pag-unlad sa pagtaguyod na iyong planong bumalik sa trabaho.

Makakakuha ka ng karagdagang impormasyon tungkol sa programa ng Ticket to Work sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-866-968-7842** nang libre (TTY **1-866-833-2967**). O kaya ay maaari mong tawagan ang aming libreng matatawagang numero at hilingin ang *Your Ticket To Work* (Sa iyong *Ticket To Work*, Publikasyon Blg. 05-10061). Ang pahayag na ito ay makukuha lang sa English.

Maaari mong bisitahin ang Ticket to Work website sa [www.choosework.net](http://www.choosework.net) para sa karagdagang impormasyon.

## Maikling buod ng mga insentibo sa trabaho ng Social Security

(Ang mga tuntunin sa programa ng SSI ay magsisimula sa pahina 11).

**Panahon ng pagsubok na magtrabaho**—Pinahihintulutan ka ng panahon ng pagsubok na magtrabaho upang subukan ang iyong kakayahang magtrabaho ng siyam na buwan man lamang. Sa panahon ng iyong panahon ng pagsubok na magtrabaho, makukuha mo ang lahat ng iyong mga benepisiyo sa Social Security anuman ang iyong kinikita basta iniulat mo ang iyong pagtrabaho at patuloy ka pa ring may kapansanan. Sa 2012, ang isang buwan ng pagsubok na magtrabaho ay ang anumang buwan kung saan ang iyong kabuuang kinikita ay higit sa \$720, o kung ikaw ay nasa sariling-empleyo, ikaw ay kumikita ng higit sa \$720 (pagkatapos ng mga gastusin) o magtrabaho ng higit sa 80 oras sa iyong sariling negosyo. Nagpapatuloy ang panahon ng pagsubok na magtrabaho hanggang nakapagtrabaho ka ng siyam na buwan sa loob ng isang 60-buwan na panahon.

**Pinahabang panahon ng pagiging maging-marapat**—Pagkatapos ng iyong panahon ng pagsubok na magtrabaho, mayroon kang 36 buwan kung kailan maaari kang magtrabaho habang tumatanggap pa rin ng mga benepisiyo para sa anumang buwan kung kailan ang iyong mga kita ay hindi “sapat”. Sa 2012,

karaniwang itinuturing namin na ang mga kinikita na higit sa \$1,010 (\$1,690 kung ikaw ay bulag) ay malaki. Walang bagong pag-hahain o pagpapasiya sa kapansanan ang kinakailangan upang makatanggap ka ng benepisiyo sa may kapansanan mula sa Social Security sa panahong ito.

**Expedited reinstatement (pinabilis na pagbalik ng mga benepisiyo)**—Nang matigil na iyong mga benepisiyo dahil sapat na ang iyong mga kita, mayroon kang limang taon upang hilingin kaming simulan kaagad ang iyong mga benepisiyo kung hindi ka makapagtrabaho dahil sa iyong karamdaman. Hindi mo kailangang mag-hain ng bagong kahilingan para sa kapansanan at hindi mo kailangang hintayin na magsimula ang iyong mga benepisiyo habang ang iyong medikal na karamdaman ay sinusuri upang siguraduhing ikaw ay mayroon pa ring kapansanan.

**Pagpapatuloy ng Medicare**—Kung ang iyong mga benepisiyo ng Social Security para sa may kapansanan ay tumigil dahil sa iyong mga kita, ngunit mayroon ka pa ring kapansanan, ang iyong libreng Medicare Part A coverage ay magpapatuloy ng 93 buwan man lamang pagkatapos ng siyam na buwan na panahon ng pagsubok na magtrabaho. Pagkatapos noon, mabibili mo ang Medicare Part A coverage sa pamamagitan ng pagbayad ng isang buwanang prima.

**Mga gastos sa trabaho na may kinalaman sa iyong kapansanan**—Kung ikaw ay nagtratrabaho, maaaring kailangan mong bayaran ang ilang mga bagay at mga serbisyo na hindi binabayaran ng mga taong

walang mga kapansanan. Halimbawa, dahil sa iyong medikal na karamdaman, ikaw ay maaaring mangailangang sumakay ng taxi papunta sa trabaho, sa halip na sumakay sa pampublikong transportasyon, o magbayad para sa mga serbisyo sa pagpapayo. Maaari kaming magkaltas ng mga gastusing ito mula sa iyong buwanang mga kinikita bago namin tukuyin kung ikaw ay karapat-dapat pa rin sa mga benepisyo.

## **Paano naapektohan ng iyong mga kita ang iyong mga Benepisiyo sa Social Security**

Sa panahon ng pagsubok na magtrabaho, walang mga hangganan sa iyong mga kita. Sa 36-buwan ng pinahabang panahon para sa pagiging maging-marapat, karaniwang hindi ka maaaring kumita ng higit sa \$1,010 bawat buwan; maaring dahilan ito ng pagtigil ng iyong mga benepisyo. Subalit, ang mga gastusin sa trabaho na iyong natamo bilang resulta ng iyong kapansanan ay kakaltasin kapag binibilang na namin ang iyong mga kinikita. Kung mayroon kang karagdagang gastos sa trabaho, ang iyong mga kita ay maaaring higit na mas malaki sa \$1,010 bago maapektohan ang iyong mga benepisiyo. Ang halaga ng mga sapat na kita ay karaniwang tumataas bawat taon.

Ibinabawas namin mula sa iyong mga kita ang mga gastos sa trabaho na may kinalaman sa iyong kapansanan bago kami magpapasiya kung ikaw ay maging-marapat pa rin para sa mga benepisiyo. Maaaring kabilang sa mga gastos na ito ang gastos ng anumang bagay o serbisyo na kailangan mo upang magtrabaho, kahit



na ang bagay o serbisyo ay nagagamit rin sa iyong pang-araw-araw na pamumuhay. Kabilang sa mga halimbawa ang mga co-payment para sa de-resetang mga gamot, mga serbisyo sa pagpapayo, transportasyon papunta at mula sa trabaho (sa ilalim ng ilang mga kondisyon), isang personal na tagapangalaga o tagapayo sa trabaho, isang wheelchair o anumang mga natatanging kagamitan sa trabaho.

## Ano ang kailangang iulat kung ikaw ay nagtatrabaho at tumatanggap ng benepisyo sa kapansanan ng Social Security

Kung ikaw ay tumatanggap ng Social Security dahil sa isang kapansanan, dapat mo kaagad ipaalam sa amin kapag:

- Ikaw ay nagsimula o humintong magtrabaho;
- Ang nagbago ang iyong mga tungkulin, mga oras o sahod; o
- Ikaw ay nagsimulang magbayad ng mga gastusin sa trabaho dahil sa iyong kapansanan.

Maaari kang mag-report ng mga pagbabago sa iyong aktibidad sa trabaho sa pamamagitan ng telepono, koreo o personal. Maaari mong hanapin ang iyong lokal na tanggapan sa aming website sa **[www.socialsecurity.gov](http://www.socialsecurity.gov)**. Bibigyan ka namin ng isang resibo upang mapatunayan ang iyong ulat o report. Itago ang resibong ito kasama ang lahat ng iyong mga mahahalagang papeles mula sa Social Security.

## Kung nawalan ka ng trabaho

Kung nawalan ka ng trabaho sa panahon ng pagsubok sa trabaho, ang iyong mga benepisiyo ay hindi maaapektohan. Kung nawalan ka ng trabaho sa 36-buwan ng pinahabang panahon ng pagiging maging-marapat, tawagan kami at ang iyong mga benepisiyo ay ibabalik sa iyo basta may kapansanan pa rin kayo.

## Mga tanging patakaran para sa mga manggagawa na bulag

Kung ikaw ay bulag at nagtratrabaho ka habang tinatanggap ang iyong mga benepisiyo sa Social Security, mayroong mga tanging patakaran.

- Maaari kang kumita ng hanggang \$1,690 bawat buwan sa 2012 bago maaaring maapektohan ng iyong mga kita ang iyong mga benepisiyo.
- Kung sumobra ang iyong kinita upang tumanggap ng mga benepisiyo sa kapansanan, maging-marapat ka pa rin para sa isang “freeze” sa kapansanan. Ibig sabihin nito, hindi namin isasali sa pagkalkula ng iyong mga benepisiyo sa mga darating na panahon ang mga taon kung saan kaunti o wala kang mga kita dahil sa iyong kapansanan.

Makakatulong ito sa iyo dahil ang iyong mga benepisiyo ay ibinatay sa iyong mga pinakamalaking kita sa buong katagalan ng iyong pagtratrabaho. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga tanging patakaran para sa mga taong bulag, humingi ng kopya ng *If You Are Blind Or Have Low Vision—How We Can Help*

*(Kung Ikaw Ay Bulag O Malabong-malabo ang Paningin—Paano Kami Makakatulong, Publikasyon Blg. 05-10052).* Ang pahayag na ito ay makukuha lang sa English.

## Ang mga insentibo sa trabaho ng SSI sa isang sulyap

(Ang mga patakaran ng Social Security sa kapansanan ay magsisimula sa pahina 6.)

**Pagpapatuloy ng SSI**—Ang mga pagbabayad ng SSI ay ibinibigay sa mga taong edad 65, bulag o may kapansanan at mayroong maliit na kinikita at mga mapagkukunan. Kung ikaw ay may kapansanan at nagtatrabaho sa kabila ng iyong kapansanan, ikaw ay maaaring magpapatuloy na makatanggap ng mga pagbabayad hanggang ang iyong mga kinikita, kasama ang alinmang ibang kinikita, ay lumampas sa limitasyon ng SSI para sa mga kinikita. Ang hangganan na ito ay iba-iba sa bawat estado. Kahit na tumigil ang iyong mga kabayaran sa SSI, ang iyong Medicaid coverage ay karaniwang magpapatuloy kung ang iyong mga kita ay mas mababa sa halagang itinakda ng iyong estado.

**Expedited reinstatement (pinabilis na pagbalik ng mga benepisiyo)**—Kung itinigil namin ang mga pagbabayad sa iyo dahil sa iyong kita at hindi ka makapagtrabaho muli dahil sa iyong medikal na karamdaman, maaari mo kaming kausapin na simulan muli ang mga pagbabayad sa iyo. Hindi kailangang maghain ka ng isang panibagong kahilingan sa kapansanan kung kinausap ma kami

sa loob ng limang taon pagkatapos ng buwan kung kailan tumigil ang iyong mga benepisiyo.

**Mga gastusin sa trabaho na kaugnay sa iyong kapansanan**—Kung ikaw ay nagtatrabaho, ikaw ay maaaring magbayad sa ilang mga bagay at serbisyo na hindi naman binabayaran ng mga taong walang kapansanan. Halimbawa, dahil sa iyong medikal na karamdaman, ikaw ay maaaring mangailangan ng taxi papunta sa trabaho, sa halip na sumakay sa pampublikong transportasyon, o magbayad para sa mga serbisyo sa pagpapayo. Maaari kaming magkaltas ng mga gastusing ito mula sa iyong buwanang mga kinikita bago namin tukuyin kung ikaw ay karapat-dapat pa rin sa mga benepisiyo.

**Magplano upang makamit ang pangsariling pagtataguyod**—Kung aming inaprubahan ang iyong plano para sa isang layunin sa trabaho na siyang magbabawas ng iyong pagpapakandili sa SSI o tulungan kang makaalis sa listahan ng SSI, anumang pera na iyong ginagamit para sa layuning ito ay hindi ibibilang kapag aming natukoy kung paano ang iyong kasalukuyang kinikita at mapagkukunan ay makakaapekto sa halaga ng iyong kabayaran. Para sa karagdagang impormasyon, humingi ng kopya ng *Pagtatrabaho Habang May Kapansanan—Isang Patnubay sa Mga Plano Para Makamit ang Pangsariling Pagtataguyod (Working While Disabled—A Guide To Plans For Achieving Self-Support*, Publication No. 05-11017).

**Ang mga estudyanteng may mga kapansanan**—Hindi namin isasali ang hanggang \$1,700 ng iyong mga kita bawat buwan sa 2012 (hanggang \$6,840 para sa 2012) nang kinakalkula namin ang halaga ng kabayaran ng iyong SSI kung ikaw ay wala pang 22 taong gulang at pirmihang pumapasok sa paaralan o nasa isang programa sa pagsasanay.

## **Paano naapektohan ng iyong mga kita ang iyong mga kabayaran sa SSI**

Ang halaga ng iyong mga kabayaran sa SSI ay batay sa laki ng ibang kita na natatanggap mo. Kapag ang iyong ibang kita ay tumaas, ang iyong mga kabayaran sa SSI ay karaniwang bababa. Kaya nang mas malaki ang kinita mo kaysa sa hangganan ng SSI, ang iyong mga kabayaran ay titigil para sa mga buwan na iyon. Gayunman, ang iyong mga kabayaran ay kusang magsisimula muli para sa anumang buwan kung kailan bumaba ang iyong kita nang mas mababa sa mga hangganan ng SSI. Sabihin lamang sa amin kung bumaba ang iyong mga kita, o kung tumigil ka sa pagtratabaho.

Kung ang iyong kaisa-isang kita bukod pa sa SSI ay ang perang kinita mo mula sa iyong trabaho, hindi namin isasali sa pagkalkula ang unang \$85 ng iyong buwanang kita. Ibinabawas namin ang 50 centavos mula sa bawat dolyar ng iyong mga kabayaran sa SSI na kinikita mo pagkatapos ng \$85 na pagbawas.

**Halimbawa:** Ikaw ay nagtagtrabaho at kumikita ng \$1,000 sa isang buwan. Ikaw ay hindi nakakatanggap ng ibang kita maliban

sa iyong mga kinikita at ang iyong SSI. Wala kang nakukuhang anumang ibang kita maliban sa iyong kinikita at sa iyong SSI.

\$1,000

-\$85

---

\$915 hinati sa 2 = \$457.50

Ibabawas namin ang \$457.50 mula sa iyong kabayaran sa SSI.

Maaaring maging-marapat ka para sa isang “balak para maabot ang pangsariling pagtataguyod” na nagpapahintulot sa iyo na gamitin ang pera at mga pag-aari para sa isang tiyak na layunin sa trabaho. Ang mga kitang ito ay hindi namin isinasali sa pagkalkula kung paano naapektohan ng iyong kasalukuyang kita at pag-aari ang halaga ng iyong benepisiyo.

## Ano ang kailangang iulat kung ikaw ay nagtatrabaho at tumatanggap ng SSI

Kung ikaw ay tumatanggap ng SSI, dapat mo kaagad ipaalam sa amin kapag:

- Ikaw ay nagsimula o humintong magtrabaho;
- Ang nagbago ang iyong mga tungkulin, mga oras o sahod; o
- Ikaw ay nagsimulang magbayad ng mga gastusin sa trabaho dahil sa iyong kapansanan.

Dapat mong iulat ang iyong buwanang mga kinikita sa pamamagitan ng:

- Pagtawag sa amin ng libre sa **1-800-772-1213** nang hindi lalagpas sa ika-6 na araw ng susunod na buwan, o

- Ang pagpapadala sa koreo o pagdadala ng iyong mga resibo ng sahod (pay stubs) sa iyong lokal na tanggapan nang hindi lalagpas sa ika-10 araw ng susunod na buwan.

Maaari mong hanapin ang iyong lokal na tanggapan sa aming website sa [www.socialsecurity.gov](http://www.socialsecurity.gov). Bibigyan ka namin ng isang resibo upang mapatunayan ang iyong ulat o report. Itago ang resibong ito kasama ang lahat ng iyong mga mahahalagang papeles mula sa Social Security.

Karamihan ng mga tao na mayroong access sa telepono ay maaaring mag-ulat ng mga sahod gamit ang 'automated wage reporting system'. Ang pag-uulat ng buwanang mga sahod sa pamamagitan ng telepono ay nakakatulong na makatipid ng papel, selyo at oras sa pamamagitan ng pag-aalis ng pangangailangang kumopya, mag-fax o magpadala sa koreo ng ebidensya ng sahod sa lokal na tanggapan. Tawagan ang Social Security upang magpatala Upang makakuha ng karagdagang impormasyon sa pag-uulat ng mga kinikita, humingi ng kopya ng *Reporting Your Wages When You Receive Supplemental Security Income (Pag-uulat ng Iyong Mga Sahod Kapag Ikaw ay Tumatanggap ng SSI, Publication No. 05-10503. Makukuha lamang sa Ingles.)*

## Gaano katagal magpapatuloy ang iyong Medicaid

Sa pangkalahatan, ang iyong Medicaid coverage ay magpapatuloy, kahit na tumigil na ang iyong mga kabayaran sa SSI, hanggang makarating sa isang takdang

halaga ang iyong kita. Ang halagang iyon ay nag-iiba-iba para sa bawat estado at maglarawan ito sa mga gastos ng health care (pangangalaga sa kalusugan) sa iyong estado. (Masasabi namin sa iyo ang halaga ng Medicaid para sa iyong estado.) Gayunman, kung ang iyong mga gastos sa pangangalaga ng kalusugan ay mas mataas kaysa sa halagang ito, maaari kang magkaroon ng mas malaking kita habang pinananatili ang iyong Medicaid. Sa karamihan ng mga estado, upang magpatuloy ang iyong Medicaid, dapat ay:

- Kinakailangan mo ito upang makapagtrabaho;
- Hindi mo kayang magkaroon ng katulad na medical coverage na walang SSI;
- Patuloy na mayroon kang isang nagbibigay-kapansanang karamdaman; at
- Natutupad mo ang lahat ng ibang mga pangangailangan ng SSI upang maging-marapat.

Kung maging-marapat kayo para sa Medicaid sa ilalim ng mga patakarang ito, susuriin namin ang iyong kaso sa panapanahon upang malaman kung ikaw ay may kapansanan o bulag pa rin at mas mababa pa rin ang iyong kinikita kaysa sa halaga na pinahihintulutan ng estado.



[www.socialsecurity.gov](http://www.socialsecurity.gov)



**Social Security Administration**  
SSA Publication No. 05-10095-TL  
Working While Disabled—How We  
Can Help (Tagalog)  
August 2012